


# MALAY

TOMO XXXV BLG. 2 • HUNYO 2023

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

Karapatang-ari © 2023 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, o kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN:  0115-6195

Published and distributed by
De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, 0922 Manila, Philippines
Telefax No. (+63 2) 8523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Website: https://www.dlsu.edu.ph/research/publishing-house/journals/malay/

*Ang De La Salle University Publishing House*
*ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

**Halaga ng Taunang Subskripsyon:** Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US$40 (surface mail), US$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US$25 (surface mail), US$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,800/Isahan: PhP1,500. Makipag-ugnayan kay *Joanne T. Castañares* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

## Mga Patnugot

**Florentino T. Timbreza**
*Punong Patnugot*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Rowell D. Madula**
*Ko-Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Dolores R. Taylan**
*Tagapamahalang Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

## Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot

Efren Abueg
*Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*

Aurelio Agcaoili
*University of Hawaii, USA*

Satoshi Ara
*Fukushima University, Japan*

Joi Barrios-Leblanc
*University of California, Berkeley, USA*

Aurora Batnag
*Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino*

Pamela Constantino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Antonio Contreras
*Unibersidad ng Pilipinas-Los Baños, Laguna*

Rommel Curaming
*University of Brunei Darussalam, Brunei*

Feorillo Petronilo Demeterio
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

JC Gaillard
*The University of Auckland, New Zealand*

Roberto Javier
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Jovy Peregrino
*Busan University of Foreign Studies, South Korea*

Epifanio San Juan Jr.
*Philippine Cultural Studies Center, Connecticut, USA*

Rolando Tolentino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Tereso Tullao, Jr.
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Nelson Turgo
*Cardiff University, United Kingdom*

MALAY

## Mga Nilalaman


MULA SA EDITOR

Florentino T. Timbreza
Rowell D. Madula vii

MGA NATATANGING LATHALAIN

Kamatayan, Pag-ibig, at Himagsik ng Mapagpalayang Diwa ng Kababaihan: Diyalektika ng Kalayaan at Nesesidad sa Sixty in the City ni Lualhati Bautista / *Death, Love, and Rebellion of Women's Emancipatory Spirit: Dialectics of Freedom and Necessity in Sixty in the City by Lualhati Bautista* 1
**E. San Juan, Jr.**

Ang Mas Nakikitang Muhon ng Kontemporanyong Panitikan ng Kanlurang Visayas sa Mapa ng Pambansang Pampanitikan Bilang Produkto ng Literary Engineering ni Leoncio P. Deriada: Pakikipanayam sa Apat na Manlilikha ng Kanlurang Visayas / *The More Visible Foundation of Western Visayas Contemporary Literature on the Map of National Literature as a Product of Literary Engineering by Leoncio P. Deriada: Interview with Four Writers of Western Visayas* 14
**Ferdinand P. Jarin**

Kalakaran, Kabuhayan, Kata(w/u(h)an—ang Karaniwan at ang Araw-araw sa Pilipino: Ang Kaisipang Kapuwa, at Anak, ang Pananaw sa Buhay at Pag-iisip sa Panahon / *Kalakaran, Kabuhayan, Kata(w/u(h)an—the Everyday and Ordinary in the Pilipino: The Theory of Kapuwa and Anak, the Philosophy of Life, and Thoughts About Time* 35
**Roberto E. Javier Jr**

Angas Bilang Lakas: Mga Kuwento ng Kabataang Babae ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Muntinlupa (Senior High School) / *"Angas" as Strength: Stories of Female Youth of Muntinlupa National High School (Senior High School)* 47
**Lynette V. Mandap**
**Raquel E. Sison-Buban**

Komparatibong Pananaliksik sa mga Etnikong Estereotipo sa mga Ilocano, Itawes, at Ibanag sa Lungsod ng Tuguegarao, Cagayan / *Comparative Research on Ethnic Stereotypes among Ilocanos, Itawes and Ibanags in Tuguegarao City, Cagayan* 68
**Rosette B. Balisi and Guadalupe B. Cagurangan**

Mga Piling e-Pabula ng Caraga Bilang mga Kagamitang AwdyoBiswal sa Pagtuturo sa Ikapitong Baitang / *Selected e-Fables of Caraga as Audio-Visual Instructional Materials in the Seventh Grade* 88
**Fe S. Bermiso,[1] Janrose M. Evangelio,[2] Ariel S. Gongora[3] Regine G. Abines, Mary Jane O. Agohot, and Rydyll Mae S. Alcontin**

Politika ng Sandali sa #dagli19: Ang Naratibo ng Lockdown sa Espasyo ng Social Media / *The Politics of Moment in #dagli19: Lockdown Narrative in the Social Media Space* 103
**Jomar G. Adaya**

Mga Kontribyutor 125
Panawagan para sa Kontribusyon sa Malay 129

# Mula sa Editor

Sa pag-usad ng panahon, lagi't lagi nating inaabangan ang mga pagbabago at pag-unlad ng teknolohiya na produkto ng malaganap at malawak na pananaliksik. Ang mga pagbabago at pag-unlad na ito ay inaasahang makatutulong sa pagpapabuti ng pang-araw-araw na buhay ng mga tao sa buong daigdig. Ito ay inaasahang magagamit natin sa pagpapadali at pagpapayaman ng mga gawain natin sa ating lipunan. Sa mga nakalipas na taon, nakita natin kung paano binago at sa malaking aspekto ay pinagbuti ng Internet ang ating buhay. Pero di lingid sa ating karanasan na ito rin ay nagbunsod ng mga hamon at problema sa atin.

Sa kasalukuyan, nakita natin ang unti-unting pag-abanse ng *artificial intelligence* bilang isang teknolohiya. Sa isang aplikasyon, maaaring magtanong ang isang tao rito na siya namang tutugunan ng nasabing aplikasyon. Kaya nitong sumulat ng mga sanaysay at maging malikhaing akda. Kaya nitong sumulat sa iba't ibang wika, hindi lang Ingles, kundi maging sa wikang Filipino. Tila pinadadali ng aplikasyong ito ang gawain ng pananaliksik at pagsulat.

Isa sa mga larang na nabahala sa pag-abanseng ito ng artificial intelligence ang akademya. Sinasabing may ilang mag-aaral na ginagamit ito sa kanilang mga eksamen at mga sanaysay na ipinapasa sa kanilang mga klase. Ito ay mga eksamen at sanaysay na inaasahang ang estudyante mismo ang sasagot at susulat dahil sinusukat nito ang kanilang pagkatuto at kritikal na pag-iisip. Kaya kapag ang artificial intelligence ang gumawa nito, katanggap-tanggap ba ito? O ito ba ay isang porma ng pandaraya sa bahagi ng estudyante?

Ang teknolohiya ay lagi't laging nagbibigay ng oportunidad at gayundin ng mga hamon sa ating buhay. Hindi na natin mapipigilan ang patuloy na pag-abanse nito sa mga susunod na taon. Kaya sa kasalukuyan, ang mahalaga ay madiskurso ang penomenang ito at makita kung paano ito magiging katanggap-tanggap lalo na sa larang ng akademya at pananaliksik. Sa pananaliksik, alam nating hindi nito kayang palitan ang mananaliksik. Dahil kung wala ang mananaliksik na tao, walang datos at impormasyon na makakalap ang teknolohiyang ito.

Ano pa man ang sitwasyon at kalagayan ng ating lipunan, ano pa man ang umusbong na bagong teknolohiya't aplikasyon, iisa ang ating natitiyak, mahalaga ang pananaliksik sa lahat ng panahon at pagkakataon.

Isa na namang mayamang ambag ni **E. San Juan Jr.** ang kaniyang pagsusuri sa nobelang *Sixty in the City* sa pagdidiskurso sa mga akda ni Lualhati Bautista. Gamit ang pinagsanib na teorya ni Georges Bataille hinggil sa erotisismo at historiko-materyalismo, pinalitaw niya ang kabuluhan ng nobela sa sitwasyong pampolitika ng bansa at ang mapagpalayang diwa ng kababaihan laban sa patriyarkang dominasyon. Muling binibigyang diin ni San Juan ang halaga ng progresibong representasyon ng kababaihan sa mga akdang pampanitikan upang magsulong ng ideolohiyang mapagpalaya.

Mahalagang pagkilala at pagdidiskurso sa ambag ng tinaguriang Ama ng Kontemporanyong Panitikan ng Kanlurang Visayas na si Leoncio P. Deriada, ang papel ni **Ferdinand P. Jarin**. Sa pagsusulong ni Deriada ng paggamit ng wikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Aklanon sa panulat, mas nahulma ang tinatawag nating pambansang panitikan. Ang papel na ito ay isang hakbang sa pagbuo ng mas malawak at komprehensibong talambuhay ni Deriada bilang isang manunulat, intelektuwal, at manggagawang pangkultura. Ang kaniyang (Jarin) isinagawang

panayam sa apat na manunulat mula sa Kanlurang Visayas ay nagbubukas ng diskurso sa inaasahang mas malawak pa na pag-unawa kay Deriada.

Binigyang pansin naman ni **Robert E. Javier** ang mga salitang karaniwan at araw-araw na ginagamit sa ating buhay bilang mga Pilipino. Ito ay integrasyon ng mga disiplina ng lingguwistika at sikolohiya na pinalilitaw ang mga kaisipan at kaakuhang Pilipino batay sa mga salitang kinakasangkapan sa pagbubuo ng mga karanasang buhat sa galaw, gawa't gawi sa ating lipunang Pilipino. Ito ay isang mahalagang ambag sa pagsusulong at paghuhubog ng sikolohiyang Pilipino na gumagamit ng mga metodo at dalumat na taal sa ating karanasan at buhay bilang mga Pilipino.

Dinalumat naman nina **Lynette V. Mandap** at **Raquel E. Sison-Buban** ang salitang *angas* bilang tanda ng lakas ng mga kabataang babae sa isang eskuwelahan sa Muntinlupa. Natatangi ang pag-aaral na ito dahil sa pagnanais nitong pag-ugnayin ang usapin ng wika, kasarian, at kabataan bilang mahahalagang elemento sa Araling Pilipinas. Ang *angas* bilang salita ay palagiang ginagamit ng mga kabataan, at sa pagkakataong ito, sinubukang bigyan ng ibang mukha ng pagiging positibo ang nasabing salita. Mula sa pagsusuri sa mga kuwento ng mga kabataang babae sa kanilang mga karanasan at mga hamong kinaharap, naipakita ang kanilang kakayahang tugunan ang nga sitwasyong karaniwang wala silang kontrol.

Makabuluhan ang pag-aaral na isinagawa nina **Rosette B. Balisi** at **Guadalupe B. Cagurungan** sa pagkokompara ng mga etnikong estereotipo sa mga Ilocano, Itawes, at Ibanag sa Lungsod ng Tuguegarao, Cagayan. Gamit ang mga kuwalitatibo at kuwantitatibong metodo ng pananaliksik na halaw sa mga metodong ginamit ng mga naunang iskolar sa wika, ang ganitong uri ng pag-aaral ay nagbubukas ng oportunidad para mareplika ito sa iba pang etnolingguwistikong grupo sa bansa. Para sa isang multikultural na bansa, ang ganitong pag-aaral ay dapat na maisagawa para sa patuloy na pag-unawa sa ating mga pagkakatulad at pagkakaiba bilang isang bansa.

Natatangi rin ang papel nina **Fe S. Bermiso, Janrose M. Evangelio, Ariel S. Gongora, Rydyll Mae S. Alcontin, Mary Jane O. Agohot,** at **Regine G. Abines** dahil sa integrasyon ng mga piling orihinal na kaalamang bayan sa rehiyon ng CARAGA sa edukasyon. Inilalantad nito ang mga aral at kultural na implikasyon ng mga akdang ito sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Ang paghahanap ng mga materyal panturo ay isang mahalagang gawain sa patuloy na pagpapayaman at pagpapaunlad ng pedagohiya ng mga gurong humuhubog ng kaalaman at kaisipan ng mga batang mag-aaral. Sa pagtatampok sa mga e-pabula bilang kagamitang pampagtuturo, nabigyang pansin din ang kurikulum at programang panliterasi ng pamahalaan pagdating sa sistemang pang-edukasyon.

Sa pagsusuri naman ng mga dagli na nailathala sa Internet na isinagawa ni **Jomar G. Adaya**, napalitaw ang ugnayan ng social media at lockdown sa panahon ng pandemya. Ang ating karanasan sa pandemya ay isang karanasang bago at kakatwa para sa ating lahat kaya ang patuloy na pagsisinop at pagsusuri ng mga akdang nakatuon dito ay mahalaga para higit na pag-unawa rito. Ang mga naratibo ng lockdown ay sumasalamin sa mas malawak na ugnayan ng pamamahala at lipunan sa kung paano ito hinarap at tinugunan.

Sa bagong isyung ito ng *Malay*, higit na napatutunayan ang kahalagahan ng pananatili ng paggamit at pagtalakay ng wikang Filipino bilang batis ng diskurso ng kasaysayan, kaakuhan, kamalayan, at panitik ng mga Pilipino. Bilang pangwakas ay muli't muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga nailathalang artikulo sa kasalukuyang isyu—si Bb. Joanne Castañares.

Florentino T. Timbreza
Rowell D. Madula